

Name : _____

Topic: Filipino – Pangunahing Kaisipan

Panuto: Basahin ang mga sumusunod na mga talata. Isulat sa patlang sa unahan ng bawat bilang ng saknong ang titik ng pangunahing kaisipan nito.

- A. Ang pagkakasakit ay naiwasan kung sapat ang sustansyang kailangan ng katawan.
- B. Magiliw sa pagtanggap sa panahin ang mga Pilipino.
- B. Malaki ang naitutulong ng paglalaro sa tao.
- D. Napakalaking salik sa kaunlaran ng tao ang kalikasan kaya dapat itong mahalín at alagaan.
- D. Mabuting gawi ang pagiging malinis sa katawan sa lahat ng oras bukod pa sa magandang tingnan ang batang malinis.

_____ 1. Ang mga Pilipino ay kinikilala sa kahusayan sa pagtanggap ng panauhin. Magiliw at lagi silang may masiglang ngiti sa pagsalubong sa mga bagong kakilala. Ang mga panauhin o mga turista ay hindi halos nakadarama ng pagiging banyaga nila kung sila’y dumarating sa bansa.

_____ 2. Ang pagiging malinis sa katawan sa lahat ng oras ay isang mabuting gawi. Ang batang malinis ay magandang tignan. Ang araw-araw na paliligo at pagpapalit ng malinis na damit ay nakakulong ng malaki. Wala ng gaganda pa sa ngiting nagpapakita ng mapuputing ngiping dulot ng pagsisipilyo nang tatlong beses sa isang araw. Malinis tingnan ang batang maiikli ang mga kuko sa kamay at paa. Kaya laging panatilihin ang malinis ang katawan.

_____ 3. Mahalin at alagaan ang kalikasan. Ang yaman nito, kung lubusang mapag-ukulan ng pansin at magagamit nang wasto, ay napakalakig salik sa kaunlaran ng tao. Pinattunayan ng kagawaran ng kalusugan, dito sa Pilipinas, na ang bansa ay napakaraming halamang-gamot sa ating napakalawak na mga kabukiran at kagubatan. Kailangan ito para sa preserbasyon ng darating pang henerasyon.

_____ 4. Ang hidden hunger ay kakulangan sa talong importanteng sustansyang kailangan ng katawan ng tao. Ang mga ito ay iron, vitamin A at iodine. Kung ang katawan ng tao ay kulang sa iron, posibleng magkaroon ng sakit na anemia. Kung ang katawan naman ay kapos sa vitamin A, manganganib naman ang mata sa pagkabalag. Ang batang kulang sa iodine ay maari namang maging kulang ang pag-iisip. Ang mga may edad naman na kulang sa iodine ay maaring magkaroon ng sakit na goiter.

_____ 5. Malaki ang naitutulong ng paglalaro sa tao. Lumalakas ang katawan, sumusigla ang isip, nahuhubog sa disiplina, nalilintang sa katauhan ang diwa ng kumpetisyon, natuturuan ng tinatawag na sportmanship, natututong magtiwala sa sarili, naiintindihan ang kahalagan ng pagtutulungan at nalalaman ang lakas ng tinatawag na teamwork.